FILIPINO

Christchurch City
# Libraries
Ngā Kete Wānanga-o-Ōtautahi

## *Mga pinagkukunan ng mahahalagang impormasyon para sa mga Bagong Dating, Mag-aaral at Tagapagsalita ng Wikang Dayuhan.*




Christchurch City Council

Ang Silid-Aklatan ng Lungsod ng Christchurch ay malugod na iniimbitahan ang lahat ng bagong dating sa Christchurch na maging kasapi ng ating mga silid-aklatan. Higit na malawak at sari-sari ang aming serbisyo na maaaring pagkunan ng mga iba't-ibang impormasyon, kabilang ang sanggunian ng mga lenguwaheng *electronic*. Ang tangi nyo lang kailangan ay ang inyong *library card* at *PIN/Password*.

# World Languages

Kabilang sa aming koleksyon ng mga pandaigdigang wika ay mga kwentong kathang-isip at di-kathang isip para sa mga may sapat na gulang, magasins, *CDs* at *eBooks*. Mayroon din kaming mga pambatang koleksyon na hango sa ibat ibang wika na maaari nyong matagpuan sa seksyon na *Children's*.

Sa ibaba ay ang mga lugar kung saan matatagpuan ang *World Languages Print Collections*. Gayunpaman, maaari nyo ring matagpuan o ma-*access* ang aming koleksyon ng *online resources* mula sa inyong mga tahanan o sa iba pa naming silid-aklatan.

## Central Library Peterborough
### *(91 Peterborough Street)*

Afrikaans, Arabic, Chinese, Dutch, Finnish, French, German, Japanese, Korean, Persian, Polish, Russian, Spanish, Thai at Vietnamese, pati na rin Hindi at Italian magasins.

## Fendalton Library
### *(korner ng Clyde at Jeffreys Road)*

Chinese, Japanese, Korean, at Russian.

## Papanui Library
### *(korner ng Langdons Road at Restell Street)*

Chinese, Japanese at Korean.

## Upper Riccarton Library
### *(71 Main South Road)*

Chinese, Japanese, Korean at mga pambatang aklat hango sa wikang Dutch.

# Helpful Electronic Language Resources

Ang CCL ay marami ding libreng *electronic resources* na maaari nyong pagkunan ng impormasyon. Ang mga ito ay matatagpuan o ma-*access* sa aming mga silid-aklatan o sa inyong mga tahanan, gamit lamang ang numero sa likod ng inyong *library card* at *PIN/password*.

# Mango Languages

Ang *Mango* ay online na paraan na maaaring makatulong sa inyo para matutunan ang mahigit sa 60 kilalang wika. Mula sa pinaka-simple hanggang sa mas mataas na antas. Mayroon din itong mga tagubilin kung paano mag-aral at matuto ng Ingles kung hindi ito ang inyong pangunahing wika.

# Press Display

Magbasa ng mga pahayagan mula sa bansa ninyo! Ang *Press Display* ay magbibigay sa inyo ng *same-day access* sa mahigit na 2,500 na pahayagan at magasins mula sa ibat-ibang bansa sa 60 kilalang wika. Ang mga pahayagan ay buong pahinang kopya ayon sa tradisyonal na ayos at laman.

# Road to IELTS: Academic and General

Maaari ninyong makuha ang *self-study course* para sa paghahanda sa *IELTS Exam*. Itong kasanayan ay mayroong *academic* at *general* na antas.

# World Book Discover

Mga kapaki-pakinabang na sanggunian para sa mga gustong matuto ng salitang Ingles bilang pangalawang lenguwahe.

# Chinese Language eBooks

Ang *OverDrive* ay may malawak na koleksyon ng mga *eBooks*, *classic* at makabago, na sinulat sa wikang *Chinese* na maaari ninyong *i-download* at hiramin nang libre.

## Halika na at sumali!

Libre ang pagsali sa aming mga silid-aklatan. Ang tangi ninyo lang kailangan ay ang mag sumusunod:

- Alinman sa dalawang ito ay maaaring tanggapin: passport o 2 tipo ng *IDs*, mas mainam kung ang isa ninyong *ID* ay may larawan ninyo.
- Pangalan at tirahan ng taong kakilala nyo na maaari naming tawagan sa pagkakataon na kailangan namin kayong makontak at sakaling nakalimutan ninyong ipaalam sa amin na lumipat kayo ng tirahan.
- Pagpapatunay ng inyong tirahan. Ito ay maaaring liham mula sa inyong bangko, paaralan, kumpanya ng kuryente o telepono (na hindi lalagpas ng tatlumpung araw). Kung wala kayong pagpapatunay ng inyong tirahan, maaari lang kayong humiram ng 2 bagay. Upang maipagpatuloy ang inyong pagiging miyembro sa ating silid-aklatan, kinakailangan ninyong magdala o magpakita ng pagpapatunay ng inyong tirahan sa loob lamang ng tatlong buwan.

Humingi ng *PIN/password* para sa bago ninyong *library card*. Sa pamamagitan nito maaari ninyong makita online ang impormasyong tungkol sa inyong *account*. Bukod dito, maaari nyo ring makita nang libre ang malawak *naming online resources*.

**Maaari lamang na makipag-ugnayan sa amin para sa mga karagdagang impormasyon:**

Phone: (03) 941 7923
Email: library@ccc.govt.nz
Web: christchurchcitylibraries.com/NewSettlers
christchurchcitylibraries.com

Para sa karagdagang kaalaman, maaari lamang bumisita sa: christchurchcitylibraries.com/NewSettlers

Christchurch City Libraries
Ngā Kete Wānanga-o-Ōtautahi

Christchurch City Council

LAI7210 Dec 2014